



“Salamat sa Pag-IBIG, nagbunga ang pinaghirapan ko.”

Ito ang maluha-luhang nasambit ni Bb. Lorena “Lorie” Donayre Montes nang matanggap niya ang dalawang tseke na nagkakahalaga ng \$3,230.84 USD at P84,349.11. Ang mga ito ang kabuuan ng kanyang naipon sa Pag-IBIG Fund simula nang siya ay maging miyembro noon 1999 sa ilalim ng boluntaryong programang Pag-IBIG Overseas Program o POP.

Sa simula ay atubili si Lorie na ibahagi ang kanyang “kwentong Pag-IBIG”. Aniya, masyadong malungkot ang kanyang kwento dahil pawang hirap at pasakit ang kanyang pinagdaanan sa buhay. Subalit, hindi naglaon ay nagpaunlak na rin si Lorie na ibahagi ang kanyang kwento bilang isang Pilipina na piniling makipagsalaran sa ibang bansa mabuhay lamang ang pamilya.

Maagang nagsimula sa buhay si Lorie. Dahil sa kahirapan at kawalan ng permanenteng pinagkakakitaan ng kanyang mga magulang, ay kinailangan niyang mamasukan bilang kasambahay sa edad na 10 taon upang mapag-aral ang sarili. Dahilan din ito upang sa loob ng pitong taon ay hindi siya nakatanggap ni minsan ng sahod mula sa kanyang pinagsilbihang pamilya habang namuhay ng malayo sa mga magulang. Gayunpaman, nairaos niya ang kanyang pag-aaral hanggang makapagtapos ng hayskul sa bayan ng Vincenzo Sagun, Zamboanga del Sur.

Nang makapag tapos ay minabuti ni Lorie na ipagpatuloy ang kanyang pamamasukan bilang kasambahay sa ibang bansa. Sa kanyang pagnanais na matulungan ang kanyang mga magulang, nagawa ni Lorie na makaalis ng bansa sa edad na 17 taon lamang. Kwento niya, malaking babae siya para sa kanyang edad kaya napalabas ng kanyang recruiter na siya ay edad 20 na. Subalit ang desisyon ni Lorie na umalis ang naging dahilan ng pagpanaw ng kanyang ama. Palibhasa ay nag-iisang babae sa limang magkakapatid, labis itong dinamdam ng magulang.

Baon ang pangarap na magandang buhay para sa pamilya, tumulak patungong Abu Dhabi si Lorie taong 1990.

Isa sa mga una niyang ginawa pagdating sa ibang bansa ay hanapin ang tanggapan ng Pag-IBIG Fund upang maging miyembro nito at makapag simula ng kanyang pag-iipon. Kwento ni Lorie, una niyang nalaman ang tungkol sa mga benepisyong Pag-IBIG sa kapitbahay ng kanyang amo sa probinsiya na madalas niyang kakwentuhan. Isa itong biyuda, walang anak at namumuhay mag-isa. Kabilin-bilinan daw ng kanyang kapitbahay, “pag nagtrabaho ka, maghulog ka sa Pag-IBIG para may pera ka sa pagtanda.” Ipinaliwanag rin ng kanyang kapitbahay na madaling makapangutang sa Pag-IBIG kung kinakailangan ng miyembro.

Subalit sa kasamaang palad, halos hindi nagawa ni Lorie ang makabisita sa tanggapan ng Pag-IBIG sa higpit ng kanyang naging amo. Ayon kay Lorie, tanging tinapay ang ipinapakain sa kanya at hindi siya halos pinapalabas ng bahay.



Si Bb. Lorie Montes habang tinatanggap ang kanyang tseke.

Gayunman ay natapos rin ang paghihirap ni Lorie sa mahigpit na amo. Sa kanyang pagpunta sa bansang Kuwait noong 1998, maswerteng naka tiyempo siya ng napakabait na amo. Mag-asawang Syrian-American ang pinagsilbihan niya hanggang 2012. Taliwas sa dating pinagsilbihan, mismong ang mag-asawa pa ang naghikayat kay Lorie na magkaroon ng sariling bahay sa Pilipinas upang may patunguhan ang kanyang paghihirap. Sa puntong ito, muling naalala ni Lorie ang Pag-IBIG Fund. Bilang tulong, minabuti ng kanyang mga amo na sila na ang magbigay ng buwanang panghulog ni Lorie sa Pag-IBIG. Dahil dito, regular na nakapag- ipon si Lorie sa Pag-IBIG ng \$25 USD sa loob ng mahigit 10 taon. At noong 2007 ay nakautang si Lorie ng P78,038.80 sa ilalim ng Pag-IBIG Multi-Purpose Loan (MPL) Program.

Nang matanggap kamakailan ni Lorie ang kanyang mga tseke mula sa Pag-IBIG, nakita rin niya ang laki ng dibidendong kinita nito, kung kaya’t makalipas ang dalawang araw, minabuti niyang ilipat sa Pag-IBIG 1 ang \$3,230.84 samantalang ang P 84,349.11 naman ay kanyang gagamitin para sa pag-aaral ng kanyang nag-iisang anak na babae.

Bagama’t halos hindi na nakitang lumaki ang anak na si Archie, ang lahat daw ng pagsisikap at paghahanda ni Lorie ay para dito. Aniya, maging ang kanyang napangasawa ay hindi ayon sa kanyang pangingibang bansa kung kaya’t sa kanyang muling pag alis noong 1995, inilayo nito ang kanilang anak na noon ay tatlong buwan pa lamang. Bihirang makita ni Lorie ang anak at lumaking mailap ito sa kanya. Gayunpaman, umaasa siya na balang araw, mapapalapit din ang kalooban ni Archie sa kanya.

Matapos ang maikling pakikipag-kwentuhan, ay masayang umalis si Lorie sa Pag-IBIG OFW Center at nangakong babalik matapos ang dalawang araw upang maghulog ng kanyang ipon sa Pag-IBIG 1. Aniya, “napakaganda sa Pag-IBIG. Inspirasyon kayo sa mga OFW kaya ipagpapatuloy ko ang pag-iipon dito. Masarap sa pakiramdan na kahit hindi ako nakapag-aral, natulungan ako ng Pag-IBIG na makapag-ipon.” Ipinagpasalamat din niya ang kabaitan ng mga empleyado ng Pag-IBIG sa Kuwait na magiliw umanong humaharap sa mga miyembro at sinasagot ang kanilang mga katanungan.